Para sa mga tagapag-empleyo

# Pakikitungo sa mga Ahensyang Pang-empleyo

- Ang mga tagapag-empleyo ay dapat tiyakin na ang Ahensyang Pang-empleyo (EA) ay may balidong lisensya na inisyu ng Kagawaran ng Paggawa. Maaari nilang **suriin ito mula sa website ng Pangasiwaan ng mga Ahensyang Pang-empleyo** (www.eaa.labour.gov.hk).
- Ang mga EAs ay dapat gumawa ng mga nakasulat na **kasunduan sa serbisyo** para sa mga tagapag-empleyo, kung saan ang mga detalye ng mga serbisyo, kabilang ang saklaw ng serbisyo, mga aytem na bayarin, pagsasaayos ng pagbabalik ng bayad, pagsasaayos ng pagpapalit ng kasambahay, at iba pa, ay dapat nakatakda.
- Ang mga EAs ay dapat magbigay ng **mga resibo** sa anumang pagbayad na natanggap sa mga tagapag-empleyo.
- Ang mga tagapag-empleyo ay **hindi dapat ibawas ang mga sahod ng kasambahay** para sa pagbayad ng komisyon o paggawa ng anumang pagbayad sa mga EAs.



Para sa mga tagapag-empleyo

# Pagbibigay ng Libreng Pamasahe



- Ang mga tagapag-empleyo ay dapat magbigay sa mga dayuhang kasambahay (FDHs) ng **libreng pamasahe pabalik sa kanilang tahanangbansa** sa pagtatapos o pagwalang bisa ng mga kontrata.



- Ang mga tagapag-empleyo ay dapat isaalang-alang na **magbigay ng tiket sa eroplano** (kabilang ang pangunahing naka tsek-in na bagahe) sa mga FDHs sa halip na magbigay ng pera na katumbas ng halaga ng tiket sa eroplano.



- Ang mga tiket sa eroplano na ibinigay ng tagapag-empleyo ay dapat dumaan sa **pinakadirektang ruta**.

# Pagbibigay ng Libreng Medikal na Pagpapagamot at Pagkuha ng Insurans

**Para sa mga tagapag-empleyo**



- Ang mga tagapag-empleyo ay dapat magbigay ng **ibreng medikal na pagpapagamot** sa mga dayuhang kasambahay (FDHs) sa kapanahunan ng empleyo (maliban nalang sa kanilang pansariling pagbabakasyon sa labas ng Hong Kong).



- Ang mga tagapag-empleyo ay kinakailangang kumuha ng **insurans para sa bayad-pinsala sa mga empleyado** para sa mga FDHs upang masakop ang kanilang mga pananagutan sa mga pagkapinsala sa trabaho.  Ang pagkabigong sumunod ay mananagot sa pag-uusig.



- Ang mga tagapag-empleyo ay dapat **abisuhan ang Kagawaran ng Paggawa** ng anumang pinsala sa trabaho ng mga FDHs sa loob ng 14 na araw o 7 pitong araw para sa mga kasong may namatay pagkatapos ng aksidente.



- Ang mga tagapag-empleyo ay dapat isaalang-alang na kumuha ng **komprehensibong insurans para sa FDH** na sumasaklaw sa parehong insurans pang-medikal at insurans sa bayad-pinsala para sa mga empleyado.



**Para sa mga tagapag-empleyo**

# Pagsasaayos ng Trabaho at Sapat na Pahinga



- Ang mga tagapag-empleyo ay dapat **igalang ang pagkakaiba sa kultura at relihiyon** at tulungan ang mga dayuhang kasamabahay **na umangkop sa isang bagong kapaligiran**.





- Ang mga tagapag-empleyo ay dapat **bigyan prayoridad ang mga tungkulin pantahanan** na gagawin ng kanilang mga kasamabahay, at tiyakin na ang kasambahay ay **may sapat na pahinga**.



- Ang mga tagapag-empleyo **ay dapat ipaliwanag ang mga kinakailangan sa trabaho** sa kanilang mga kasambahay at **bigyan sila ng gabay**.